# Paano Ka Matutulungan ng Social Security Kapag May Isang Miyembro ng Pamilya ang Namatay

## Ano ang nasa loob

Pakikipag-ugnayan sa Social Security 2

Kailangan mong sabihin sa lalong madaling panahon sa Social Security kung may kapamilya kang namatay. Karaniwan, ang funeral director ang mag-uulat ng pagkamatay ng tao sa Social Security. Kakailanganin niyong ibigay ang numero sa Social Security ng namatay sa funeral director para makapag-ulat sila.

Ang ilan sa mga miyembro ng pamilya ng namatay ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security kung ang namatay na tao ay sapat na nakapagtrabaho sa mga uri ng trabaho na may Social Security para maging kuwalipikado sa mga benepisyo. ***Makipag-ugnayan sa Social Security sa lalong madaling panahon upang matiyak na matatanggap ng pamilya ang lahat ng mga benepisyo na karapat-dapat para sa kanila.***

Mangyari lang basahin ang sumusunod na impormasyon nang mainam para malaman kung anong mga available ang maaaring magamit.

- Kami ay nagbabayad ng isang beses na kabayaran lang na $255 sa mga naiwang asawa kung sila ay nanirahan kasama ng pumanaw. Kung magkahiwalay ng tirahan at karapat-dapat para sa ilang mga benepisyo mula sa Social Security ang nasa rekord ng pumanaw, ang naiwang asawa ay maaaring makakuha pa rin ng isang beses na kabayaran na ito. Kung walang naiwang asawa, ang bata na karapat-dapat para sa mga benepisyo ayon sa rekord ng pumaaw sa buwan ng kamatayan ay maaaring matanggap ang kabayarang ito.

- Ang ilang mga miyembro ng pamilya ay **maaaring karapat-dapat** na tumanggap ng mga buwanang benepisyo, kabilang na ang:
  - Ang biyudo o biyuda na may edad na 60 taong gulang o mas matanda (edad na 50 o mas matanda kung may kapansanan);
  - Ang biyudo o biyuda na anuman ang edad para sa anak ng pumanaw na mas bata sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan;
  - Isang hindi kasal na bata ng namatay na:
    - Mas bata sa edad na 18 taong gulang (o hanggang edad na 19 kung sila ay isang full time na mag-aaral sa isang elementary o secondary school); o
    - May edad na 18 taong gulang o mas matanda pa na may kapansanan na nagsimula bago ang edad na 22;
  - Isang anak ng asawa sa naunang asawa (stepchild), apo, apong anak ng asawa sa naunang asawa (stepchild), o inampon na anak sa ilalim ng ilang partikular na mga pangyayari;
  - Mga magulang, edad na 62 taong gulang o mas matanda, na dependent (umaasa) sa pumanaw ng kahit man lang kalahati ng kanilang suporta; at
  - Isang natitirang diborsyado/o na asawa, sa ilalim ng ilang mga pagkakataon.

**Kung ang pumanaw ay tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security,** kailangan ninyong isauli ang benepisyong natanggap para sa buwan nang namatay o anumang mga sumunod na buwan. Halimbawa, kung ang tao ay pumanaw ng Hulyo, kailangan ninyong isauli ang benepisyong binayaran sa buwan ng Agosto. Kung natanggap sa pamamagitan ng direktang pagdeposito, makipag-ugnayan sa bangko o iba pang pinansiyal na institusyon at hilingin sa kanilang isauli ang anumang mga pondo na natanggap para sa buwan nang namatay o mas huli pa. Kung binayaran ng tseke, **huwag** palitan ng cash ang anumang natanggap ng tseke na natanggap sa buwan nang mamatay ang tao o lumaon pa. Isauli ang mga tseke sa Social Security sa lalong madaling panahon.

Gayunman, ang mga karapat-dapat na miyembro ng pamilya ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo sanhi ng kamatayan para sa buwan nang namatay ang benepisyaryo.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at

(kabila)

- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



**Social Security Administration**
Publication No. 05-10008-TL | May 2017
Paano Ka Matutulungan ng Social Security Kapag May Isang Miyembro ng Pamilya ang Namatay
How Social Security Can Help You When a Family Member Dies (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito